




Mga Gabay Para sa Pinakamahusay na Kasanayan sa Responsableng Pagkuha ng mga Imahe ng Di-Taong Primhayop

Isang Publikasyon ng IUCN Primate Specialist Group
Section for Human-Primate Interactions



Siân Waters, Joanna M Setchell, Laëtitia Maréchal, Felicity Oram, Janette Wallis & Susan M Cheyne

May kontribusyon mula kina: Brooke Aldrich, Sherrie Alexander, Liana Chua, Tara Clarke, Malene Friis Hansen, Carolyn Jost-Robinson, Kimberley Hockings, Marni LaFleur, Lucy Radford, Erin Riley, Amanda Webber

Panimula

Ang mga larawan o bidyo (mula ngayon ay tatawaging “imahe”) ay maaaring makatawag ng pansin ng milyun-milyong tao sa pagsasaalang-alang ng konserbasyon at kapakanan ng mga di-taong primhayop (mula ngayon ay tatawaging “primhayop”). Gayunpaman, kung ang konteksto ng mga imahe ay hindi angkop, hindi malinaw, o nakakalito, maaaring magkaroon ng maling konklusyon ang mga tao tungkol sa nilalaman. Ang mga maling konklusyon na ito ay maaaring magkaroon ng mga hindi sinasadyang negatibong kahihinatnan para sa kapakanan at konserbasyon ng mga primhayop (Aldrich 2018; Wallis 2018; Norconk *et al.* 2019). Ang posibleng pagkalat ng mga imahe nang walang naaangkop na konteksto ay isang partikular na usapin sa social media.



Sa maraming mga bansa, ilegal na hinuhuli mula sa kanilang tirahan at ginagamit bilang mga photo-props para sa turismo ang mga primhayop (Osterberg & Nekaris 2015; LaFleur *et al.* 2019; Norconk *et al.* 2019). Ang mga primhayop na may sapat na gulang ay madalas na pinapatay upang makuha ang isang batang primhayop nang magamit bilang isang photo-prop. Tinatanggalan din sila ng ngipin upang hindi makapangagat. Ang mga indibidwal na primhayop sa isang imahe ay maaaring nakakaramdam na labis na stress. Halimbawa, ang mga primhayop na aktibo sa gabi, tulad ng slow lorises, ay labis na naaapektuhan ng liwanag ng araw at lente kapag sila ay ginamit bilang props (Nekaris *et al.* 2015). Ang mga turista at mga expatriate ay madalas na bumibili ng mga naturang primhayop, upang alagaan o sa pag-asang ‘mailigtas’ ang mga ito (Bergin *et al.* 2019; Osterberg & Nekaris 2015; LaFleur pers. obs.; Setchell pers. obs.). Isa pa, sa mga bansang mayroon o walang primhayop, may mga negosyong nagpaparami ng mga exotic na buhay-ilang kabilang na ang mga great apes, bilang photo props (Aldrich 2018). Sa sandaling ang mga hayop na ito ay lumaki o maging masyadong lumakas upang mapangasiwaan nang ligtas, sila ay ipinapatapon o ikinukulong. Ang mga hayop na ito ay madalas na inilalagay sa mga lugar na hindi maganda ang kalagayan na maaaring hindi batid o pansinin ng publiko (Agoramoorthy & Hsu 2005; Reuter & Schaefer 2016).

Ang mga may pinakamalaking akses sa mga primhayop tulad ng mga propesyonal at mag-aaral na primatologists, conservationists, mga nangangalaga ng hayop at mga boluntaryo sa mga zoos, mga rescue centers at sanctuaries, mga empleyado ng ahensya ng gobyerno, at mga tour guides (mula ngayon ay tatawaging “mensahero”) ay may mahalagang gampanin sa paghahatid ng mga angkop na mensahe tungkol sa mga primhayop. Kasinghalaga rin na ang mga donors, mga kilalang tao sa konserbasyon, kilalang tao sa pelikula at telebisyon, mga opisyal ng gobyerno, at mga media producer ay nagpapakita ng naaangkop na pag-uugali patungo sa mga primhayop. Sa huli, ang tagumpay ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga primhayop ay nakasalalay sa pagtanggap ng mensahe at hindi sa hangarin ng mensahero.

Dito, ipinapaliwanag namin kung bakit ang lahat ng mga mensaherong nabanggit sa itaas ay dapat isaalang-alang ang kolektibong paggamit ng mga imahe lalo na kung malapit o may hawak na mga primhayop. Bilang konklusyon, nagbibigay kami ng mga patnubay upang mabawasan ang mga potensyal na negatibong epekto ng mga imahe ng primhayop sa mga primhayop, sa kanilang kapakanan at konserbasyon *mapa-in at ex situ*.

Ang mga suliranin sa mga imahe ng mga tao na malapit sa primhayop

Binabaluktot ng mga imahe ng mga taong kasama ang primhayop ang pang-unawa ng publiko sa mga primhayop

Negatibong iniimpluwensiyahan ng mga imahe ng mga tao na may hawak na mga primhayop sa social media ang pananaw ng publiko sa mga primhayop (Ross *et al.* 2011; Nekaris *et al.* 2013; Leighty *et al.* 2015; Clarke *et al.* 2019). Ang mga imahe ng mga taong humahawak o pisikal na napakalapit sa mga primhayop ay nagbibigay ng maling impresyon na ang paghawak sa kanila ay hindi mapanganib, walang idinudulot na peligro sa kalusugan ng tao o ng primhayop, at ang mga primhayop ay naaangkop na gawing alagang hayop. Ang mga pag-uugaling ito ay maaaring magdulot ng pananaw sa mga tao na ang mga primhayop ay isang libangan, na siyang nagpapababa ng halaga nito sa biodiversity at nagpapataas sa kanilang nanganganib na kalagayan, na maaari namang magpahina sa mga ginagawang pangangalaga sa mga ito lalo na sa mga bansa kung saan sila makikita (Ross *et al.* 2008; Schroepfer *et al.* 2011; Leighty *et al.* 2015, Morrow *et al.* 2017; Aldrich 2018).

Ang mga imahe ng mga taong napakalapit sa mga primhayop ay maaaring bigyan ng sa iba't ibang mga interpretasyon sa ibat-ibang mga kultura

Habang ang ilang mga kultura ay nakahiwalay mula sa kalikasan at posibleng magtakda ng hangganan ng paghihiwalay sa pagitan ng 'mga tao' at ng 'kalikasan', o ng 'buhay-ilang', marami naman ang hindi ito ginagawa, at maaaring ang mga tao ay hindi tinitingnan ang mga primhayop bilang 'ilang' na mga hayop, lalo na sa mga bansa kung saan sila nakikita (Aldrich 2018). Maaari nating asahan na ang mga interpretasyon ng mga imahe ay nagkakaiba-iba depende sa mga relasyon at interaksyon ng mga tao sa mga primhayop. Halimbawa, ang mga pananaw sa mga primhayop ay may malaking kaibahan sa pagitan ng mga residente sa nayon at lungsod (Franquesa-Soler & Serio Silva 2017; Ceballos-Mago & Chivers 2010). Ang kaibahang ito sa pananaw ay nangangahulugang ang mensahe sa isang imahe na nais nating iparating mula sa pananaw ng isang kultura o rehiyon ay maaaring iba sa mensaheng natanggap ng ibang tao.

Ang mga imahe ng mga mensaherong kasama ang mga primhayop ay maaaring humikayat sa pangkalahatang publiko na makakuha rin ng sarili nilang mga imahe na sobrang lapit sa mga primhayop

Ang mga imahe ng mga beterinaryo, tagapag-alaga, wildlife presenters, mga kilalang tao, mga boluntaryo o turista na yakap o nagpapakain ng mga primhayop sa mga rehabilitation centers ay nagbubunga ng kagustuhang gawin din ito sa publikong manonood. Ang pagkuha ng mga larawan ng kanilang sarili na malapit sa buhay-ilang (kabilang ang mga primhayop) nang walang nakikitang harang sa pagitan ay naging isang tanyag na paraan ng mga tao upang makuha, maibahagi, at mapatunayan ang kanilang mga karanasan sa paglalakbay (Shutt 2014). Ang mga nasabing imahe ay nagpapahina sa mga lokal na anti-poaching, anti-pet keeping, at mga mensaheng pangkonserbasyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang anyo ng tao-primhayop na kontak na mismong hindi hinihikayat ng mga rescue centers, sangtwaryo, NGOs, at mga ahensya ng gobyerno. Bukod dito, ang mga larawan ng mga primatologists na nagmamalasakit sa mga primhayop ay maaaring magpalalâ sa mga lokal na komunidad, na minsan ay tinitingnan ang mga conservationists na higit na nagmamalasakit sa mga hayop kaysa sa mga tao (Meijaard & Sheil 2008; Waters *et al.* 2018).

Paglalagom

Bilang mga taong nangangalaga sa konserbasyon at kapakanan ng mga primhayop mayroon tayong responsibilidad na isalang-alang ang mga direkta at hindi direktang epekto ng paglalathala ng mga imahe natin na malapit sa kanila (Wallis 2018). Ang mga imahe ng primhayop kasama ng tao sa mga tanyag na media ay nagpapababa ng naaangkop na pananaw ng publiko sa mga primhayop, nagpapataas ng posibilidad ng hindi pagkakaintindihan ng iba't-ibang mga kultura, nagdaragdag ng mga hindi naaangkop na interaksyon patungo sa mga primhayop na maaaring makabawas sa kapakanan at gawaing-rehabilitasyon, at nagbabawas ng mga gawaing konserbasyon para sa mga primhayop sa lahat ng mga konteksto. Ang mga negatibong epekto ng paglalathala ng mga nasabing imahe ay maaaring mahigitan ang mga positibong epekto, kaya't nararapat nating gamitin ang mga alintuntuning pag-iingat, lalo na sa lawak ng krisis ng ekstinksyon.

Sa madaling salita, **ang pagiging responsableng mensahero para sa mga primhayop ay nangangahulugang mayroon tayong tungkulin na huwag mag-paskil ng mga imahe ng ating sarili malapit sa mga primhayop sa social media na maaaring kumalat sa labas ng konteksto nito at mag-iba ang pakahulugan.** Kasama rito ang mga nagtuturo, nagtatanghal sa mga pagpupulong, nagtatrabaho sa media, at nagpapataas ng kamalayan sa konserbasyon ng primhayop. Nalalapat ito sa lahat na nagtatrabaho kasama ang, o para sa, mga primhayop, lalo na sa atin na nakilala na dahil sa mga nagawa hinggil sa mga primhayop dahil mayroon tayong kakayahang impluwensyahan ang pananaw ng publiko.

Ibinibigay namin ang mga sumusunod na patnubay upang mabawasan ang mga potensyal na negatibong epekto ng mga larawan ng primhayop sa mismong mga primhayop, sa kanilang kapakanan at sa konserbasyon nila *mapa-in* o *ex situ*.

Pinakamahusay na mga patnubay sa kasanayan para sa mga responsableng pagkuha ng mga imahe ng primhayop

- Tiyaking ikaw at /o ang iyong organisasyon ay may isang pamantayan sa pagkilos (code of conduct) patungkol sa pagpapalaganap ng imahe ng mga staff, mga mag-aaral, at mga boluntaryo. Kung saan may kaugnayan, tiyaking ang iyong mga departamento ng marketing at public relations o mga boluntaryo sa komunikasyon ay alam ang nasabing pamantayan.
- Ang mga walang kontrol sa LAHAT ng mga imahe ng kanilang sarili, tulad ng mga kilalang indibidwal na may matagal nang mga imahe sa public domain, ay dapat magbigay ng ibang imahe at magpaliwanag kung bakit problematiko ang orihinal na imahe. Mayroon din silang pagkakataon na gumawa ng isang publikong pahayag upang ipaliwanag ang kanilang kasalukuyang posisyon.
- Isulong ang edukasyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga usaping kaugnay sa mga imahe ng mga taong malapit sa mga primhayop para sa pangangalaga at kapakanan ng mga primhayop sa iyong website o ng iyong organisasyon, mga pahayagan, mga programa, mga presentasyon, at mga guided tours.
- Kung saan may kaugnayan, ipakita ang naaangkop na pag-uugali sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan ng mga tao sa labas ng mga kulungan ng mga primhayop (maliban kung ang mga nahuling primhayop ay malayang nakakapaglakad), kaysa sa loob.
- Huwag maglathala ng mga larawan ng primhayop na nasa kamay ng tagapag-alaga. Palitan ang mga ito ng mga litrato ng primhayop lamang o ng kasama ang mga kauri nito.
- Huwag maglathala ng mga larawan ng mga primhayop na pinapakain, nakikipaglaro o may direktang interaksyon sa mga tagapag-alaga, mga boluntaryo o donor maliban kung ang mga taong ito ay nagsusuot ng naaangkop na protective personal equipment.
- Tiyaking hindi bababa sa pitong (7) metro o 23 talampakan na distansya ang pagitan ng tao at ng primhayop sa mga imahe ng mga tao na may mga ligaw na primhayop na naipaskil sa publiko.
- Sa mga imaheng nagtataguyod ng Primatology bilang isang propesyon, siguraduhin na ang konteksto ng imahe ay tiyak sa pamamagitan ng pagsuot ng iyong facemask, binoculars, notepad, o mga katulad na kagamitan at ipaliwanag ang konteksto.

Mga Sanggunian

- Agoramoorthy G & Hsu MJ. 2005. Use of nonhuman primates in entertainment in Southeast Asia. *Journal of Applied Animal Welfare Science* 8:141-149.
- Aldrich BC. 2018. The use of primate actors in feature films 1990-2013. *Anthrozoos* 31:5-21.
- Bergin D, Atoussi S & Waters S. 2018. Online trade of Barbary macaques *Macaca sylvanus* in Morocco and Algeria. *Biodiversity and Conservation* 27:531-534.
- Ceballos-Mago N & Chivers DJ. 2010. Local knowledge and perceptions of pet primates and wild Margarita capuchins on Isla de Margarita and Isla de Coche in Venezuela. *Endangered Species Research* 13:63-72.
- Clarke TA, Reuter KE, LaFleur M & Schaefer MS. 2019. A viral video and pet lemurs on Twitter. *PLoS ONE* 14(1): e0208577.
- Franquesa-Soler M & Serio-Silva JC. 2017. Through the eyes of children: Drawings as an evaluation tool for children's understanding about Endangered Mexican primates. *American Journal of Primatology* 79: DOI.10.1002/ajp.22723.
- LaFleur M, Clarke TA, Reuter KE, Schaefer MS & terHorst C. 2019. Illegal trade of wild-captured *Lemur catta* within Madagascar. *Folia Primatologica* 90:199-214.
- Leighty KA, Valuska AJ, Grand AP, Bettinger TL, Mellen JD, Ross SR, Boyle P & Ogdan JJ. 2015. Impact of visual context on public perceptions of non-human primate performers. *PLoS ONE* e0118487.
- Morrow KS, Jameson KA & Trinidad JS. 2017. Primates in film. In *The International Encyclopaedia of Primatology* (eds M Bezanson, KC MacKinnon, E Riley, CJ Campbell, KAI Nekaris, A Estrada, AF Di Fiore, S Ross, LE Jones-Engel, B Thierry, RW Sussman, C Sanz, J Loudon, S Elton & A Fuentes). DOI:10.1002/9781119179313.wbprim0350
- Meijaard E & Sheil D. 2008. Cuddly animals don't persuade poor people to back conservation. *Nature* 454:159. <https://www.nature.com/articles/454159b.pdf>
- Nekaris KAI, Musing L, Vazquez AG & Donati G. 2015. Is tickling torture? Assessing welfare towards slow lorises (*Nycticebus* spp.) within Web 2.0 videos. *Folia Primatologica* 86:534-51.
- Nekaris KAI, Campbell N, Coggins TG, Rode EJ, Nijman V. 2013. Tickled to death analysing public perceptions of "cute" videos of threatened species (slow lorises – *Nycticebus* spp.) on Web 2.0 sites. *PLoS ONE* 8(7):e69215.
- Norconk MA, Atsalis S, Tully, G, Santillan AM, Waters S, Knott CD, Ross SR, Shanee S & Stiles D. 2020. Reducing the primate pet trade: Actions for primatologists. *American Journal of Primatology* DOI.org/10.1002/ajp.23079.
- Osterberg P & Nekaris KAI. 2015. The use of animals as photo props to attract tourists in Thailand: A case study of the slow loris (*Nycticebus* spp.). *Traffic Bulletin* 27:13-18.
- Reuter KE & Schaefer MS. 2016. Captive conditions of pet lemurs in Madagascar. *Folia Primatologica* 87:48-63.
- Ross SR, Lukas KE, Lonsdorf EV, Stoinski TS, Hare B, Shumaker R & Goodall J. 2008. Inappropriate use and portrayal of chimpanzees. *Science* 319:1487 DOI 10.1126/science.1154490.
- Ross SR, Vreeman VM, Lonsdorf EV. 2011. Specific image characteristics influence attitudes about chimpanzee conservation and use as pets. *PLoS ONE* 6:e22050.
- Schroepfer KK, Rosati AG, Chartrand T & Hare B. 2011. Use of "entertainment" chimpanzees in commercials distorts public perception regarding their conservation status. *PLoS ONE* 6:e26048.
- Shutt K. 2014. An interdisciplinary risk assessment of gorilla ecotourism. PhD, Durham University. Available at <http://etheses.dur.ac.uk/10586/>
- Wallis J. 2018. The role of tourism in securing a sustainable existence for primates. In *Primatology, Biocultural Diversity and Sustainable Development in Tropical Forests*. UNESCO.
- Waters S, Watson T, Bell S & Setchell JM. 2018. Communicating for conservation: circumventing conflict with communities over domestic dog ownership, North Morocco. *European journal of Wildlife Research* 64:69 doi: 10.1007/s10344-018-1230-x.

Pagpapasalamat

Kami ay nagpapasalamat sa Ouwehand Zoo Foundation, The Netherlands para sa kanilang suporta sa papel na ginagampanan ni Siân Waters sa pagagawa ng mga alituntuning ito. Maraming salamat sa Pravind Segaran, UMS / Pongo Alliance, Sabah, Malaysia para sa graphics at kay Janette Wallis para sa layout. Pinasasalamat namin ang mga miyembro ng Executive Council ng PSG at si Linda May ng Arcus Foundation para sa mga puna sa isang naunang bersyon ng mga alituntunin. Nais pasasalamat natin ni Laëtitia Marechal ang Barbary Macaque Project, University of Lincoln, UK at Ifrane National Park, Morocco. Kami ay nagpapasalamat kay Lief Erikson D. Gamalo, MSc. (HUMAN Project 1; UP Mindanao), Brian T. Sabanal (HUMAN Project 1; UP Mindanao) at Kelvin Bryle V. Meneses, MA (UP Los Baños) sa pagsalin ng patnubay na ito sa Tagalog. Ang pagsasalin sa salitang "Primhayop" ay mula sa Meneses, Kelvin Bryle V. 2019. "Balik-Gubat: Isang Etnoprimatolohiyang Pag-aaral sa Ugnayan ng Unggoy (*Macaca fascicularis*) at Tao (*Homo sapiens*).” MA Thesis, Quezon City: University of the Philippines Diliman. Higit pang impormasyon mula sa <https://human-primate-interactions.org>

